

Pagpapatupad ng “WITH CORONA” Comprehensive Measures (Buod)

2022 Mayo 30

Sa kasalukuyan, ang 6th Wave ng COVID-19 ay hindi nagpapakita ng senyales ng pagtatapos. Tumataas ang standard level at paulit-ulit na nagbabago ang pagtaas at pagbaba ng mga kaso.

Maliban sa sitwasyong ito, malapit na din ang tag-init (summer). Dahil dito, ipapatupad ang Comprehensive Measures laban sa COVID-19 habang nag-iingat sa heatstroke.

Ang bawat mamamayan ng Gifu ay dapat na muli at walang eksepsyong sumunod sa mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon. Sa gayon, hinihiling namin ang inyong kooperasyon sa pagharap sa mga sumusunod na pang-araw-araw na gawain.

- Palaging magsuot ng mask kapag kumakain kasama ang iba (kumain nang tahimik, at magsuot ng mask kapag nakikipag-usap).
- Kapag maglalakbay o makikibahagi sa mga leisure activities, kumuha ng libreng COVID-19 Test bago umalis (mayroon sa mga pharmacy). Bilang karagdagan, habang naglalakbay at kapag nasa inyong destinasyon, patuloy na sumunod sa mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon.
- Kung nakaramdam ng pananakit ng lalamunan, lagnat, o kahit na minor na mga sintomas, magpahinga at manatili sa bahay.
- Sa tag-init (summer), upang maiwasan ang heatstroke, may mga sitwasyon kung saan pinahihintulutan ang pagtatanggal ng mask. Ang sumusunod na talahanayan ay nagbabalangkas ng mga ganitong sitwasyon.

	Posible ang social distancing		Hindi posible ang social distancing	
	Nasa loob	Nasa labas	Nasa loob	Nasa labas
Kapag makikipag-usap	Inirerekomenda ang mask ※	Hindi kailangan	Inirerekomenda ang mask	Inirerekomenda ang mask
Halos walang pag-uusap na nagaganap	Hindi kailangan	Hindi kailangan	Inirerekomenda ang mask	Hindi kailangan

※Kung may mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon tulad ng sapat na bentilasyon, maaari itong alisin.